ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

SALOOBIN NG MGA INTERN TUNGO SA PROPESYONAL NA KASANAYAN SA LAHAT NG PROGRAMA NG KAPALONG COLLEGE OF AGRICULTURE, SCIENCES AND TECHNOLOGY: ISANG KOMPARATIBONG PAG-AARAL

Enjelly A. Orihi[1], Benjie F. Salcedo, LPT[2]
[1]*Student Researcher, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Philippines*
[2]*Research Adviser, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Philippines*

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang antas ng saloobin ng mga intern sa propesyonal na kasanayan, partikular sa mga mag-aaral na nasa ikatlo at ikaapat na taon ng kanilang pag-aaral. Bilang pangunahing instrumento, ginamit ang talatanungan ni Anjum (2020) na Impact of Internship Programs on Professional and Personal Development Questionnaire. Sa pamamagitan ng kuwantitatibong pananaliksik na may deskriptibo-komparatibo na disenyo, sinuri ang epekto ng internship programs sa propesyonal at personal na pag-unlad ng mga intern, pati na rin sa pagpapahusay sa propesyonal at personal na kasanayan. Gamit ang random sampling, napili ang 253 mag-aaral bilang respondente, at natukoy na may mataas na antas ng saloobin ang mga intern tungo sa propesyonal na kasanayan, na nagpapahiwatig ng positibong pananaw sa kanilang internship na karansan. Samantala, batay sa resulta ng pagsusuri, walang makabuluhang pagkakaiba sa saloobin ng mga intern ayon sa kanilang edad at kasarian, ngunit may natukoy na makabuluhang pagkakaiba batay sa kanilang pinag-aaralang programa, na maaaring nagpapakita na ang epekto ng internship ay nag-iiba depende sa larangang kinabibilangan ng mga mag-aaral.

MGA SUSING SALITA: *Propesyonal Na Kasanayan, Interns, Kuwantitatibong Pananaliksik, Deskriptib-Komparatib, Maniki, Kapalong, Davao Del Norte, Philippines*

INTRODUKSYON

Ang pagsusuri sa saloobin ng mga *intern* sa kanilang propesyonal na kasanayan ay mahalaga upang maunawaan ang kanilang mga hamon at oportunidad sa propesyonal na mundo. Tinuturing ang *internship* na isa sa mahalagang bahagi ng pag-aaral sa kolehiyo dahil nagbibigay ito ng praktikal na karanasan at kaalaman patungkol sa trabaho. Sa pamamagitan ng *internship*, natututo ang mga mag-aaral kung paano gamitin ang kanilang kaalaman sa tunay na mundo ng trabaho. Ito ay nakatutulong sa kanila na mag-*adjust* sa propesyonal na kapaligiran at palakasin ang kanilang kakayahan na makahanap ng trabaho sa hinaharap (Baert et al., 2021).

Sa katunayan, ang pananaliksik na Pakistan partikular na sa mga *business students,* natuklasan na hindi nabibigyan ng sapat na importansya o pagpapahalaga sa propesyunal na kasanayan ng mga *intern*. Ang mga i*ntern* ay hindi nabibigyan ng sapat na pagkakataon na maipakita at mapaunlad ang kanilang kakayahan dahil sa kakulangan sa koordinasyon sa pagitan ng mga kumpanya at mga tagapamahala ng akademiko. Dagdag pa, ang mga gawain na ibinibigay sa kanila ay hindi lubos na tumutugon sa kanilang mga interes o kaya'y hindi sumasalamin sa kanilang mga kasanayan at potensyal. Hindi rin nagbibigay ng tamang *feedback* ang mga kumpanya sa kanilang mga intern, na humantong sa kawalan ng oportunidad para sa pag-unlad at pagpapabuti ng kanilang propesyonal na kasanayan (Anjum, 2020).

Sa Pilipinas, natuklasan din ng isang pananaliksik para sa mga Pilipinong kasalukuyang nakapagtapos ng pag-aaral ang kahalagahan ng mga kasanayan, halaga, at kaalaman sa paghahanda ng mga intern para sa mundo ng trabaho na nagbibigay-diin sa pagtutugma at interdependensiya ng mga aspektong ito. Gayunpaman, may ilang posibleng limitasyon na dapat isaalang-alang, kabilang ang masusing pagtuon sa isang unibersidad sa Pilipinas, posibleng may mga bahid sa pananaw ng mga kalahok, kawalan ng saloobin mula sa mga employer at pagtitiwala sa limitadong mga paraan ng mga pananaliksik. Upang matugunan ang mga limitasyong ito, nararapat lamang na bigyan ng halaga ng mga lokal na kolehiyo o unibersidad ang pagtuon sa propesyonal na kassanayan ng mga intern, nagbibigay ng mas malalim na pag-unawa sa mga pangangailangan ng mga bago sumabak sa kasalukuyang mundo ng trabaho (Aguilar et al., 2023).

Mahalaga ang isyung ito na nangangailangan ng maingat na pagsusuri sa implementasyon ng KCAST sa internship program sa iba't ibang kurso bilang isang kritikal na isyu na dapat bigyang-pansin. Ang malalimang pagsusuri nito ay hindi lamang naglalayong mapabuti ang kalidad ng propesyonal na kasanayan ng mga mag-aaral kundi pati na rin ang kanilang kakayahan sa mga larangang kanilang pinili. Sa pamamagitan ng pagsasagawa ng isang komprehensibong pag-aaral, makakakuha tayo ng mga impormasyong tungkol sa mga hamon na kinakaharap ng mga intern sa propesyonal na kasanayan. Higit pa rito, inaasahang ang resulta ng pag-aaral na ito ay mag-aalok ng mga pananaw na magsisilbing matibay na batayan para sa mga hinaharap na mga inisyatibo na

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

naglalayong pagyamanin ang propeyonal na kasanayan ng mga intern.

Nagkaroon ng maraming mananaliksik na dalubhasa sa pagsasagawa ng mga pag-aaral patungkol propesyonal na kasanayan ng mga intern kabilang na ang kanilang mga saloobin habang nasa *workplace.* Gaya na lamang sa isang pag-aaral nina Nwokike et al., (2022) na pinamagatang *"Investigating the Knowledge, Attitudes, and Practices of Interns in the Workplace"* ngunit ito ay nakatuon sa pagtuklas sa kaalaman, pananaw, at mga gawi ng mga intern sa kanilang lugar na pinagtratrabahuan. habang ang isa pang pag-aaral nina Srividya et al., (2023) na pinamagatang "*An Exploratory Study for The Perception and Attitude of Internship Program by Students of Speech and Hearing" ngunit ito ay nakatuon sa* kasanayan ng mga mag-aaral ng *speech* at *hearing sciences*. Samantala ang pag-aaral naman ni Di Pietro, (2022) na "*International internships and skill development: A systematic review"* at ito ay nakatuon sa mga internasyonal na internship ng mga mag-aaral sa tertiaryong edukasyon at ang implikasyon nito sa pag-unlad ng kanilang mga kakayahan, lalo na sa aspeto ng intrapersonal na kasanayan. Gayunpaman, nararapat na tandaan na wala sa sa mga pag-aaral na ito ang partikular na nagsuri ng isang pananaliksik na kompartatibo sa saloobin ng ng mga intern tungo sa propesyonal na kasanayan sa lahat ng programa sa KCAST.

Ang komparatibong pananaliksik na ito ay sinuri ang saloobin ng mga intern sa propesyonal na kasanayan base sa impluwensya ng iba't ibang programa sa kolehiyo. Bawat programa ay may natatanging istruktura ng kurikulum, mga itinakdang kinakailangan, at mga inaasahang kakayahan, na maaaring makapagpabago sa pananaw, motibasyon, at antas ng kahandaan ng mga *intern* sa paglinang ng kanilang kasanayan. Sa pamamagitan ng maingat na pagsusuri ng mga pagkakaiba sa programa, inilalatag ng pag-aaral na ito ang mahahalagang ugnayan sa pagitan ng akademikong paghahanda at aktwal na propesyonal na aplikasyon.

Layunin ng Pananaliksik

Layunin ng pag-aaral na ito na malaman at masuri ang saloobin ng mga intern tungo sa bokabularyong kasanayan sa lahat ng programa sa KCAST.

Ang pag-aaral na ito ay tiyaking makakukuha ng sagot upang makamit ang mga layunin sa pamamagitan ng sumusunod na mga katanungan:

1. Malaman ang personal na impormasyon ng mga *intern* sa KCAST batay sa:
   1.1 programa,
   1.2 kasarian; at
   1.3 antas ng taon.
2. Malaman ang saloobin ng mga *intern* tungo sa propesyonal na kasanayan batay sa:
   2.1 propesyonal na pag-unlad
   2.2 propesyonal na kasanayan
   2.3 personal na pag-unlad
   2.4 personal na kakayahan
3. Malaman ang pagkakaiba ng saloobin ng mga *intern* sa propesyonal na kasanayan batay sa:
   3.1 programa,
   3.2 kasarian; at
   3.3 antas ng taon.

Haypotesis

Ang *null hypothesis* na kung saan ay sinukat sa 0.05 na antas ng katiyakan ay nagsasaad na walang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng mga propesyonal na kasanayan ng mga *intern* sa lahat ng programa ng KCAST batay sa kanilang kasarian, edat at kurso o programa.

METODOLOHIYA

Disenyo ng Pananaliksik

Sa bahaging ito, gagamitin ng mananaliksik ang kwantitatibong disenyo ng pananaliksik sa pamamaraang komparatibo upang sukatin at alamin ang saloobin ng mga intern sa propesyonal na kasanayan. Ang pananaliksik na ito ay naglalayong matukoy ang ugnayan sa pagitan ng mga baryabol sa pag-aaral at makilala ang mga pagkakaiba sa pagitan ng mga grupo sa loob ng populasyon nang hindi binabago ang mga baryabol.

Upang maisakatuparan ito, gagamitin ng mananaliksik ang kwantitatibong metodolohiya at komparatibong pananaliksik. Bilang pangunahing instrumento sa paglikom ng datos, gagamitin ang *adaptive* na talatanungan upang kalkulahin at suriin ang mga baryabol at makapagtala ng mga resulta. Ang pamamaraang ito ay isang proseso ng paglalarawan ng isang problema o phenomena sa pamamagitan ng pagkolekta ng numerikong datos na sinusuri gamit ang mga instrumentong matematikal, partikular na ang estatistika (Cantrell, 2011).
Sa konteksto ng pananaliksik na ito, isinagawa ang komparatibong pananaliksik upang masuri ang saloobin ng mga intern na mag-aaral hinggil sa propesyonal na kasanayan. Ang disenyo ay pinili upang magbigay ng komprehensibong pagsusuri sa saloobin ng mga mag-aaral at ihambing ang kanilang pananaw batay sa antas ng kanilang karanasan sa mga programang inihanda ng institusyon bilang paghahanda sa kanilang propesyon. Ang dulog na ito ay nagbigay ng mas malinaw na larawan kung paano nagkakaiba ang saloobin ng mga mag-aaral at kung aling mga aspekto ng propesyonal na kasanayan ang mas pinahahalagahan sa larangang kanilang pinili.

Ginamit ng mananaliksik ang kwantitatibong metodo sa pag-aaral, isang komparatibong pananaliksikna naglalayong matukoy at mailarawan nang tumpak at sistematiko ang isang grupo, sitwasyon, o phenomena. Gayunpaman, maaari ring gamitin ang iba't ibang pamamaraan ng pananaliksik upang masuri ang isa o higit pang mga baryabol. Sa ganitong paraan, hindi kinokontrol o minamanipula ng mananaliksik ang mga baryabol, kundi inoobserbahan, sinusukat, at sinusuri lamang ang mga ito (McCombes, 2019).

Sa pag-aaral na ito, layunin na masuri at matukoy ang kaibahan sa pagitan ng dalawang katangian ng grupong pag-aaralan sa pamamagitan ng komparatibong pananaliksik. Pangunahing gagamitin sa pagsusuri ang kwantitatibong pamamaraan upang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

maunawaan ang kaugnayan ng baryabol at *moderator*. Sa pananaliksik na ito, ang pangunahing baryabolay ang saloobin sa propesyonal na kasanayan ng mga *intern* mula sa iba't ibang kurso o programa ng KCAST. Kasama rito ang tatlong *moderator* o tagapamagitang baryabol na programa, kasarian, at antas ng taon at seksyon.

Ang komparatibong disenyo ay angkop sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat sinuri at inilarawan lamang ang pagkakaiba ng iba't ibang grupo ng mga mag-aaral. Bagama't nagmula sila sa magkaibang karanasan, ang disenyo ay nagbigay-daan upang maihambing ang kanilang mga saloobin sa propesyonal na kasanayan nang walang pagkiling o pagbabagong idinulot ng pananaliksik. Sa ganitong paraan, natugunan ang layunin ng pag-aaral na masuri ang epekto ng iba't ibang karanasan ng bawat mag-aaral sa kanilang pagganap, habang tinitiyak na ang mga resulta ay batay sa natural na kalagayan ng mga respondente.

Sa konteksto ng pag-aaral sa saloobin ng mga mag-aaral sa kanilang propesyonal na kasanayan ay mahalaga upang matukoy ang kanilang mga hamon at pangangailangan sa paglinang ng kakayahan. Sa pamamagitan nito, maaaring makabuo ng epektibong estratehiya ang mga institusyong pang-edukasyon upang mapabuti ang pagtuturo at pagsasanay, na tumutugon sa mga kinakailangang kasanayan sa industriya. Ang masusing pagsusuri ay maaaring magbubunga ng mas mataas na kumpiyansa at kahandaan ng mga mag-aaral sa kanilang napiling karera, na nagreresulta sa mas malaking posibilidad ng tagumpay sa propesyonal na landas.

Lokal na Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay gagawin sa Kapalong *College of Agriculture Sciences and Technology* na ipinakita sa pigura 2. Ang mga maging respondente sa pag-aaral na ito ay ang mga mga intern sa iba't ibang programa sa KCAST. Sa kasalukuyan, nag-aalok ang KCAST ng anim na programa tulad ng: *Teacher Education, Business Administration, Office Administration, Public Administration, Criminology*, at *Agriculture* na inaalok ng libre sa ilalim ng *Republic Act 10931* o *Universal Access to Quality Tertiary Education Act* ng *Commission on Higher Education* (CHED). Ang mga nasabing programa ay kinikilala at akreditado ng *Association of Local College and Universities* (ALCUCOA). Ang paaralang nabanggit ay matatagpuan sa Barangay Maniki, lungsod ng Kapalong, lalawigan ng Davao del Norte. Ang lungsod ng Kapalong ay mayroon ding populasyon na 81,061 ayon sa census noong 2020. Napapaligiran ang Kapalong ng lalawigan ng Agusan del sur, silangan ng lalawigan ng Davao de Oro. Sa timog naman ay ang mga lungsod ng Asuncion at Sto.Tomas, habang sa kanluran ay ang lungsod ng Talaingod at lalawigan ng Bukidnon. Kaya naging madali na lamang sa mananaliksik na maunawaan ang kultura, tradisyon at mga kaugalian ng mga respondente sa paaralan at naging madali dahil hindi na mahirap ang pagkamit dito sa dahilang ang mananaliksik ay isang mag aaral sa institusyon na ito.

Populasyon at Sampol

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Kapalong *College of Agriculture Sciences and Technology*. Ang mga kalahok ng pag-aaral na ipinakita sa Talahanayan 1 ay ang piling mga mag-aaral mula sa iba't ibang kursong mayroon ang KCAST. Hiningi ng mananaliksik ng bilang nang mga respondente sa *registrar office s*a nasabing paaralan upang maitala ang kabuoang bilang ng mga repondente na mga mag-aaral sa ikatlong taon hanggang sa pang-apat na taon.

Sa pamamagitan ng proseso ng *stratified random sampling*, isang random na sampol ang kinuha mula sa bawat stratum matapos hatiin ang populasyon sa mas maliit na mga grupo o *strata base* sa mga kaugnay na salik tulad ng programa, antas ng tao at seksyon, kasarian, at ang saloobin sa propesyonal na kasanayan ng mga *intern*. Ito ay isang paraan upang tiyakin na ang sampol ay sapat para sa bawat *subgroup* at nagpapakita ng representasyon para sa bawat grupo ng populasyon. Sa pamamagitan ng paggamit ng estratehiyang ito, mahalaga ang maayos na pagkakakilala sa populasyon at malinaw na pang-unawa sa mga kritikal na kriteria para sa paghahati sa strata, na nagbibigay-daan sa mas tiyak at mas epektibong pag-aaral (Etikan at Bala, 2017).

Hiningi ng mananaliksik ang bilang ng mga respondente sa *registrar office sa* nasabing paaralan upang maitala ang kabuoang bilang ng mga mag-aaral. Ipinapakita sa Talahanayan 1 ang bilang, sampol, at bahagdan ng mga *intern* mula sa iba't ibang kurso ng *Kapalong College of Agriculture, Sciences, and Technology* (KCAST), na may kabuoang populasyon na 726 *intern* at 253 na nakalkulang sampol gamit ang *Slovin's formula*. Sa aspekto ng kasarian, mas maraming babae (174) ang lumahok kaysa sa lalaki (79), na maaaring nagpapahiwatig ng mas mataas na bilang ng kababaihan sa mga kursong may internship. Sa distribusyon ng taon, mas maraming *intern* ang nasa ika-apat na taon (203) kumpara sa ika-3 taon (50), na maaaring dahil sa mas mataas na kahandaan o kinakailangang *internship* bago ang pagtatapos. Ang bawat kurso ay may iba't ibang bilang ng populasyon at sampol, kung saan ang *Bachelor of Science in Office Administration* ang may pinakamataas na bilang ng mga *intern*, habang ang *Institute of Teacher Education* ay may mas limitadong populasyon sa bawat medyor. Ito ay nangangahulugan na mahalaga ang pagsusuri ng saloobin ng mga *intern* tungo sa propesyonal na kasanayan, dahil ipinapakita nito ang representasyon ng iba't ibang grupo sa pananaliksik, na maaaring makatulong sa mas malalim na pag-unawa sa kanilang propesyonal na pag-unlad at kahandaan sa mundo ng trabaho.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 1.
Distribusyon ng mga respondente

DEPARTAMENTO PROGRAMA	LEBEL NG TAON & SEKSYON	KASARIAN	POPULASYON	SAMPOL	PORSYENTO
Bachelor of Agricultural Technolgy	4A	Babae	26	9	1.24%
		Lalaki	21	7	1.00%
	4 GUP	Babae	4	1	0.19%
		Lalaki	5	1	0.14%
Bachelor of Public Administration	3A	Babae	44	15	2.10%
		Lalaki	29	10	1.39%
	3B	Babae	46	16	2.20%
		Lalaki	26	9	1.24%
	4A	Babae	22	8	1.05%
		Lalaki	20	7	0.96%
	4B	Babae	24	8	1.15%
		Lalaki	18	6	0.86%
BSBA - *Financial Management*	4A	Babae	37	13	1.77%
		Lalaki	3	1	0.14%
	4B	Babae	28	10	1.34%
		Lalaki	13	4	0.55%
BSBA - *Marketing Management*	4A	Babae	29	10	1.39%
		Lalaki	17	6	0.81%
	4B	Babae	26	9	1.24%
		Lalaki	25	9	1.20%
	4C	Babae	28	10	1.34%
		Lalaki	14	4	0.55%
Bachelor of Science in Office Administration	4A	Babae	51	18	2.44%
		Lalaki	13	4	0.55%
	4B	Babae	32	11	1.53%
		Lalaki	8	1	0.14%
Bachelor in Science in Criminology	4A	Babae	11	4	0.53%
		Lalaki	10	2	0.28%
	4B	Babae	12	4	0.57%
		Lalaki	3	1	0.14%
ITEd – *BEEd Generalist*	4A	Babae	15	4	0.55%
		Lalaki	0	0	0.00%
ITEd -*BSEd* Filipino	4A	Babae	29	10	1.39%
		Lalaki	5	1	0.14%
ITEd – BSEd *English*	4A	Babae	19	7	0.91%
		Lalaki	6	1	0.14%
ITEd – *BSEd Mathematics*	4A	Babae	20	7	0.96%
		Lalaki	13	5	0.62%
KABUOAN			**726**	**253**	**34.73%**

Instrumento ng Pananaliksik

Ang mananaliksik ay gagamamit ng talatanungan na gagamitin para sa pagsasakatuparan sa tungkulin at talatanungan na gagamitin para sa baryabol na propesyonal na kasanayan na maglalaman ng mga katanungan na maaaring mapagkunan ng sagot at saloobin ng mga respondent. Ang mga instrumentong gagamitin para sa baryabol ay mga talatanungang nakalap ng mananaliksik at ito ay pag-aaralan ng miyembro ng panel para sa balidasyon.

Gagamit ang mananaliksik ng mga talatanungang mula sa pinagbatayang pag- aaral ni Anjum (2020) na tuwirang tumutukoy mga baryabol na naaangkop sa paksa ng pag-aaral. Sinusuri ng talatanungan ang saloobin ng mga intern sa propesyonal na kasanayan batay sa kanilang propesyonal na pag-unlad, propesyonal na kasanayan, personal na pag-unlad at personal na kakayahan. Ang mga talatanungang gagamitin ay sasailalim muna sa masusing balidasyon mula sa panel ng mga eksperto.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Five-point Likert Scale ang gagamitin bilang batayan upang malaman ang antas at lawak ng propesyonal na kasanayan ng mga intern sa KCAST. Sa sukatang ito ang mga respondente ay tutugon sa pamamagitan ng pagtsek o pagbilog ng mga numero. Dahil dito, ang mga respondente ay gagamit ng limang-puntong *Likert scale* mula sa pinakamataas hanggang pinakamababa. Ang mga datos ay kakalkulahin batay sa bilang nito upang maitala ang inaasahang marka.

Saklaw ng Paglalarawan	Kahulugan	Interpretasyon
4.20-5.00	Lubhang Mataas	Kung ang pagtukoy sa nasabing sariling kakayahan sa pananaliksik ay laging nagpapakita ng kumpiyansa sa sarili.
3.40-4.19	Mataas	Kung ang mga pagtutukoy sa sariling kakayahan sa pananaliksik ay madalas na ipinapakita ang kumpiyansa sa sarili.
2.60-2.59	Katamtaman	Kung ang pagtukoy sa mga aytem sa sariling kakayahan ay hindi gaanong ipinapakita ang kumpiyansa sa sarili.
1.80-2.59	Mababa	Kung ang pagtukoy sa mga aytem sa sariling kakayahan sa pananaliksik ay bihira lamang ipinapakita o nagaganap.
1.00-1.79	Lubhang Mababa	Kung ang pagtukoy sa mga aytem sa sariling kakayahan sa pananaliksik ay hindi kailanman ipinapakita o nagaganap

Pagkolekta ng Datos

Sa pagkolekta ng datos, isasagawa ng mananaliksik ang susmusunod na hakbang:

Pagbuo ng Talatanungan. Hinanap ng mananliksik ang mga talatanungang pinagbatayan mula sa mga artikulong dyornal at kaugnay na pananaliksik sa *internet* ng tiyakang maiuugnay sa baryabol na gagamitin.

Rebisyon at Balidasyon ng Mga Talatanungan. Matapos nabuo ang mga talatanungang ginamit, isusumite ito sa panel ng mga eksperto upang masuri at maikontekstwalisa tungo sa pag-aaral at inaasahang sunsundin ng mananaliksik ang mga payo ng mga eksperto sa pagrebisa hanggang sa ito ay maaprubahang gamitin.

Paghingi ng Pahintulot na Magsagawa ng Pag-aaral. Hiningi ng mananaliksik ang pahintulot sa KCAST College Vice-President for Academic Affairs sa pamamagitan ng liham. Pagkatapos, maingat na isinagawa ang lahat ng ito sa pamamagitan ng pagsunod sa mga hakbang na iminungkahi sa institusyon upang maiwasan ang paglabag sa mga batas at matamasa ang mapayapang pananaliksik

Distribusyon sa mga Talatanungan. Sa prosesong ito, matapos maipababalidipika ang mga talatanungan at maaapruban ng mga panel ng eksperto, ang instrument ng pananaliksik ay direktang ibibigay sa mga kalahok sa pamamagitan ng pagpunta sa kanilang silid-aralan na may kasamang permiso at ang pag-aaral ay isasagawa mismo ng mananaliksik. Kukunin ng mananaliksik ang mga talatanungan mula sa mga respondente pagkatapos masagutan ang lahat ng mga ito.

Koleksyon at Tabulsyon ng Mga Datos. Sa huli, makatapos maisasagawa ang surbey, kukunin at susuriin ng mananaliksik ang instrument ng pananaliksik upang maitala ang mga nakalap na tugon mula sa mga kalahok. Kasunod ay aanalisahin ang bawat estatestikal na datos at ang magiging resulta nito ay bibigyan ng interpretasyon. Mula sa *final* na datos, bubuohin ang konklusyon, at ang mga rekomendasyon ay ilalahad batay sa mga resultang makakamit sa pag-aaral.

Estatistikal na Tritment ng Datos

Ang sumusunod na pamamaraan na pang-istatistika ang ginamit sa pagkalkula ng data tulad ng sa pagsubok ng teorya sa isang 0.05 antas ng kabuluhan:

Frequency and Percentage. Ito ang ginamit upang makuha ang dami ng respondente batay sa programa, anatas ng taon at seksyon, at kasarian.

Mean. Ginamit sa pagtukoy sa saloobin ng mga *intern* tungo sa propesyonal na kasanayan mula sa iba't ibang programa o departamento sa institusyon ng KCAST.

T-test. Ito ang ginamit upang tukuyin ang makabuluhang pagkakaiba sa saloobin ng mga *intern* tungo sa propesyonal na kasanayan batay sa kasarian.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Analysis of Variance (ANOVA). Ito ang ginamit upang tukuyin ang makabuluhang pagkakaiba sa saloobin ng mga *intern* tungo sa propesyonal na kasanayan batay sa antas ng taon, at kurso o programa.

Sa pagkolekta ng datos, isinagawa ng mananaliksik ang sumusunod na hakbang:

RESULTA AT DISKUSYON

Propayl ng mga Mag-aaral batay sa Antas ng Taon

Batay sa nakalap na datos, ang kabuoang bilang ng mga *intern* na respondente ay 253, kung saan 50 (20%) ay nasa ikatlong taon, at 203 (80%) ay nasa ikaapat na taon. Ipinapakita ng distribusyong ito na mas marami ang mga *intern* mula sa ikaapat na taon, na maaaring sanhi ng mga pangangailangan ng kurikulum sa kanilang programa at mas mataas na kahandaan para sa *internship*.

Talahanayan 2. Propayl ng mga Mag-aaral batay sa Antas ng Taon

Antas ng Taon	*Frequency*	Porsyento
3	50	20%
4	203	80%
KABUOAN	**253**	**100%**

Ayon kina Baert et al. (2021), ang pagkakaiba sa antas ng taon ay maaaring magpahiwatig ng bahagyang pagtaas ng kahandaan o kaalaman ng mga *intern* habang sumusulong sila sa kanilang akademikong landas. Gayunpaman, binigyang-diin nina Dare et al. (2009) na ang antas ng taon ay hindi hadlang sa pagsasagawa ng *internships*, sapagkat ang kakayahan ng isang *intern* ay mas nakabatay sa kanilang aktwal na karanasan, pagtuturo, at propesyonal na pagsasanay, sa halip na sa pormal na taon ng kanilang edukasyon. Nangangahulugan lamng ito ng pagkakapantay-pantay sa saloobin at antas ng paghahanda ng mga *intern*, anuman ang kanilang taon sa kolehiyo. Ipinapakita nito na hindi nagiging hadlang ang antas ng taon sa *internship* na kahandaan ng mga mag-aaral. Sa halip, mas may impluwensya ang programang kinuha, kalidad ng *internship training*, at pagtuturo sa paghubog ng propesyonal na kasanayan ng mga mag-aaral.

Sa kabuoan, ang resulta ay nagpapakita na walang makabuluhang pagkakaiba sa propesyonal na saloobin batay sa taon. Nangangahulugan ito na parehong ang mga nasa ikatlong taon at ikaapat na taon ay may magkakatulad na antas ng kahandaan sa *internship* na maaari pang mapalakas sa pamamagitan ng maayos na pagtuturo para sa mga *intern* sa lahat ng antas.

Propayl ng mga Mag-aaral Batay sa Kasarian

Batay sa nakalap na datos, lumalabas na ang kabuoang bilang ng mga *intern* na kasali sa pananaliksik ay 253, kung saan 174 (68.77%) ay babae at 79 (31.23%) ay lalaki. Ipinapakita sa distribusyon na may mas maraming kababaihang *intern* kumpara sa kalalakihan sa iba't ibang programa ng Kapalong *College of Agriculture, Sciences and Technology (KCAST).*

Talahanayan 3. Propayl ng mga Mag-aaral batay sa Kasarian

Kasarian	*Frequency*	Porsyento
Babae	174	68.77%
Lalaki	79	31.23%
KABUOAN	**253**	**100.00%**

Ayon kina Ferreras-Garcia et al. (2021), may mga pag-aaral na nagpapakita na mas mataas ang antas ng kakayahan ng kababaihan kaysa sa kalalakihan sa ilang larangan ng propesyon, lalo na sa komunikasyon at interpersonal na kasanayan. Gayunpaman, binigyang-diin sa kasalukuyang pananaliksik na ang *statistical analysis* ay hindi nagpapakita ng makabuluhang pagkakaiba, kaya maaaring ito ay simpleng pagkakaiba sa indibidwal na karanasan at hindi isang pangkalahatang *trend* sa propesyonal na kasanayan.

Dagdag pa rito, ayon kay Srividya et al. (2023), ang propesyonal na saloobin ay higit na naaapektuhan ng *mentorship*, edukasyon, at praktikal na karanasan kaysa sa mismong kasarian. Ipinapahiwatig ng kasalukuyang pananaliksik na ang *intern* ay may magkakatulad na kahusayan sa propesyonal na kasanayan anuman ang kanilang kasarian.

Sa kabuoan, ang datos ay nagpapakita na may mas maraming kababaihang intern kumpara sa kalalakihan, ngunit walang makabuluhang pagkakaiba sa kanilang propesyonal na kasanayan at saloobin batay sa kasarian. Ipinapakita nito na ang kahandaan sa propesyonal na larangan ay hindi natutukoy ng kasarian kundi ng praktikal na pagsasanay, mentorship, at karanasang pang-edukasyon.

Propayl ng mga Mag-aaral Batay sa Programa

Ipinapakita sa Talahanayan 4 ang propayl ng mga respondente batay sa programa. Ang may pinakamataas na bilang ng mga respondente ay nasa programa na BPA na may 79 na mag-aaral o 31.23 porsyento. Pangalawa ay ang BSBA – *Marketing Management* na may 48 na mga respondente o nasa 18.97 porsyento. Pangatlo ay ang BSOA na may 34 na mga respondente o nasa 14.44 na porsyento. Pang-apat naman ay ang BSBA - *Financial Management* na may 28 na mga respondente o nasa 11.07 na porsyento. Nasa panglima naman ang BAT na may 18 na respondente o nasa 7.11 na porsyento. Pang-anim naman ang BSED MATH na may 12 na respondente o nasa 7.74 na porsyento. nasa pampito naman ang programa na BSED FIL at ang BSC na may 11 na mga respondente o nasa 4.35 na porsyento. Nasa pangwalo ang BSED ENG na may 8

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

respondente o nasa 3.16 porsyento. Panghuli naman ay ang BEED na may 4 na mga respondente o nasa 1.58 na porsyento. Sa kabuoan, ipinapakita sa talahanayan na ang BPA ang may pinakamaraming bilang na respondente na programa.

Talahanayan 4. Propayl ng mga Mag-aaral batay sa Programa

Program/Kurso	*Frequency*	Porsyento
BAT	18	7.11%
BPA	79	31.23%
BSBA - FM	28	11.07%
BSBA - MM	48	18.97%
BSOA	34	13.44%
BSC	11	4.35%
BEED - GEN.	4	1.58%
BSED FIL.	11	4.35%
BSED ENG.	8	3.16%
BSED MATH	12	4.74%
KABUOAN	**253**	**100.00%**

Ayon kina Zunaid et al. (2020), ang kalidad ng *mentorship* at istruktura ng *internship* program sa isang kurso ay may epekto sa propesyonal na pag-unlad ng mga mag-aaral. Sa kasalukuyang pag-aaral, maaaring ipaliwanag ang mataas na *mean score* ng *BSEd-English* sa pamamagitan ng mas matibay na *pedagogical preparation* at mas aktibong pagtuturo sa larangan ng edukasyon.

Dagdag pa rito, ayon kay Sukmawati (2022), ang *internship program* ay may mahalagang papel sa kahandaan sa trabaho, ngunit may pagkaiba-iba sa antas ng kasanayan depende sa kurso. Ang *marketing management program*, na may mas mababang *mean score*, ay maaaring may mas kaunting *structured hands-on training*, kaya't maaaring mas limitado ang epekto nito sa paghubog ng propesyonal na kasanayan.

Sa kabuoan, may makabuluhang epekto ang kurso o programang pinili ng mga *intern* sa kanilang saloobin tungo sa propesyonal na kasanayan. Ang mas mataas na *mean* iskor sa ilang mga programa ay maaaring maiugnay sa mas matibay na pagtuturo, mas maraming praktikal na pagsasanay, at mas sistematikong kurikulum, samantalang ang mas mababang *mean* iskor ay maaaring resulta ng kakulangan sa *hands-on experience* o mas kaunting na tamang paggabay.

Antas ng Saloobin ng mga Intern Tungo sa Propesyonal na Kasanayan Batay sa Propesyonalismo na Pag-unlad

Talahanayan 5. Antas ng Saloobin ng Mga *Intern* Tungo sa Propesyonal na Kasanayan Batay sa Propesyonalismo na Pag-unlad

	Propesyonal na Pag-unlad	*Mean*	Deskripsyon
1.	Binago nito ang aking pag-uugali sa propesyonal na aspekto	4.01	Mataas
2.	Ginawa nitong malinaw ang aking mga layunin sa karera	3.91	Mataas
3.	Naisakatuparan ko ang aking kaalaman sa silid-aralan sa panahon ng aking *internship*	4.07	Mataas
4.	Nakatulong sa akin ang internship upang makakuha ng praktikal na karanasan sa aking larangan ng interes	4.06	Mataas
5.	Nakatulong sa akin ang *internship* na matukoy ang mga kasanayan na kinakailangan upang makakuha ng trabaho sa aking larangan ng interes	4.06	Mataas
6.	Nakaranas ako ng ilang mga problema sa paghahanap at pagtanggap ng mga gawain sa panahon ng *internship*	4.02	Mataas
	KABUOAN	**4.01**	**Mataas**

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Antas ng Saloobin ng mga Intern Tungo sa Propesyonal na Kasanayan Batay sa Propesyonal na Kakayahan

Talahanayan 6. Antas ng Saloobin ng mga *Intern* Tungo sa Propesyonal na Kasanayan Batay sa Propesyonal na Kasanayan

Propesyonal na Kasanayan	*Mean*	Deskripsyon
1. Pinalakas ng *internship* ang aking kakayahan sa komunikasyon at interpersonal na kasanayan	4.15	Mataas
2. Pinalawak nito ang aking kakayahan sa paggawa ng desisyon at paglutas ng mga problemang kinakaharap	4.06	Mataas
3. Pinalakas nito ang aking kakayahan sa pagtatrabaho bilang isang pangkat	4.05	Mataas
4. Pinalakas nito ang aking kritikal na pag-iisip.	3.99	Mataas
5. Pinalakas nito ang aking mga kasanayan sa *computer*	4.24	Mataas
6. Pinalakas nito ang aking mga kasanayan sa teknikal kaugnay sa larangang pinili	4.10	Mataas
KABUOAN	**4.15**	**Mataas**

Ang pangkalahatang resulta ang antas ng saloobin ng mga intern tungo sa propesyonal na kasanayan ay nagpapakita na madalas naipapakita ng mga respondante ang estratehiya sa pag-aaral ng talasalitaan sa lahat ng mga indikeytor nito: propesyonal na kasanayan, personal na kakayahan, propesyonal na pag-unlad at personal na pag-unlad. Sa pag-aaral ni Grus at Kaslow (2014), Ibinahagi niya na ang konsepto saloobin tungo sa propesyonal na kasanayan ay kinabibilangan ng mga pananaw at paniniwala ng mga indibidwal hinggil sa kahalagahan, pag-unlad, at aplikasyon ng kasanayan sa kanilang napiling larangan o propesyon. Kasama rito ang pagpapahalaga sa patuloy na pag-aaral at pagsasaayos ng kasanayan upang manatiling makabisa at mag-angkop sa mga pagbabagong hinihingi ng industriya, pagpapalakas ng paniniwala sa sariling kakayahan at kumpiyansa sa sariling abilidad, at pagpapahalaga sa kahalagahan ng pakikipagtulungan, etika, at pagbabago sa mga konteksto ng propesyonal. Ang positibong pananaw sa propesyonal na kasanayan ay hindi lamang nagpapalakas sa personal na pag-unlad sa karera kundi nag-aambag din sa isang kultura ng kahusayan, kreatibidad, at integridad sa loob ng mga lugar ng trabaho at mas malawak na lipunan.

Sinuportahan naman ito sa pag-aaral nina Li et al., (2022), ang *professional skill* ay ang mga kakayahan, kaalaman, at kahusayan na kinakailangan upang maging epektibo at matagumpay sa isang tiyak na larangan o propesyon. Ito ay ang mga kasanayang teknikal at *interpersonal* na kailangan ng isang indibidwal upang magampanan ng mahusay ang kanilang trabaho o tungkulin sa isang propesyon. Ang pagpapaunlad at pagpapalalim sa mga propesyonal na kasanayan ay mahalaga sa pagpapalakas ng karera at pagpapataas ng kakayahan sa trabaho.

Samanatala, sa pag-aaral nina Zhang et al. (2024), ibinahagi sa kanilang pag-aaral na may malaking bahagi ginampanan sa kanilang propesyonal kasanayan sa kalidad ng pagharap sa mga hamon sa kanilang larangan. Ito ay nagbibigay-daan sa kanila na bumuo ng isang malakas na propesyonal na pagkakakilanlan na mahalaga para sa matagumpay na pagsasagawa ng kanilang mga pagtratrabaho.

Ibinahagi din ni Anjum (2020) sa kanyang pag-aaral na *Impact of Internship Programs on Professional and Personal Development of Business Students* ay nakitaan na sa pamamagitan ng pagsasaliksik sa mga karanasan ng mga estudyante natutukoy ang mga positibong impluwensya nito sa kanilang propesyonal na kasanayan. Bukod dito, tinitingnan din ang mga benepisyo nito sa personal na aspekto ng mga estudyante, kabilang ang pagpatibay kanilang tiwala sa sarili at pagpapalawak ng kanilang *network*. Natuklasan nito ang kahalagan ng propesyonal na kasanayan na naglalayong magbigay liwanag sa kahalagahan ng paghubog ng mga mag-aaral sa kanilanag kasanayan sa larangan ng negosyo, hindi lamang sa aspekto ng kanilang propesyon kundi pati na rin sa kanilang personal na pag-unlad. Ang mga natuklasan ay nagpapahiwatig na ang mga *internship* ay may malaking ambag sa propesyonal at personal na paglago, tumutulong sa mga mag-aaral na mag-*transition* mula sa akademikong buhay patungo sa propesyonal na buhay sa pamamagitan ng pag-aplay ng teoretikal na kaalaman sa praktikal na mga *setting*.

Ang halaga ng saloobin ng mga *intern s*a propesyonal na kasanayan ay hindi nasususukat sa isang salita lamang. Ito ang nagtuturo sa atin kung paano dapat magpakita ng tamang asal at pag-uugali sa ating trabaho. Ang positibong saloobin, tulad ng pagiging masigasig, mapagkumbaba, at may paggalang sa iba, ay naglalayo sa atin mula sa hindi pagkakaunawaan at nagpapalakas ng ugnayan sa pagitan ng mga kasamahan sa trabaho. Sa pamamagitan ng tamang saloobin, hindi lamang tayo mas produktibo at epektibo sa ating gawain, ngunit mas nakakamit din natin ang kasiyahan at tagumpay sa ating propesyon. Sa kabilang banda, madalas naipapakita ng mga mag-aaral ang propesyonal na kakayahan bilang isang indekeytor ng resulta ang antas ng saloobin ng mga *intern* tungo sa propesyonal na kasanayan. Sa pag-aaral ni Pylväs et al. (2022), isinasaad niya na ang mga propesyonal na kasanayan ay hindi lamang basta nauugnay sa pag-unlad ng isang trabaho; ito rin ay isang pundasyon para sa tagumpay sa larangan ng propesyon. Ang kasanayang propesyonal ay hindi lamang isang simpleng hakbang sa paghahanap ng trabaho, bagkus ito rin ay isang oportunidad upang suriin ang iyong mga lakas at pag-unlad bilang isang propesyonal.

Sa ginawang pag-aaral ni Franco-Angel (2023), ng pagbibigay sa mga mag-aaral ng kaalaman at kasanayan na isang mahalaga proseso para sa kanilang propesyonal na pag-unlad. Ang mga

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

ito ay nangyayari lamang kapag ang mga mag-aaral ay lumilipat mula sa mundo ng akademiko patungo sa mundo ng trabaho at nagbibigay daan sa kanila upang makagawa ng halaga para sa mga organisasyon.

Samakatuwid, ang mahalaga na pagtuonan ng atensyon ang propesyonal na kasanayan dahil ito ang nagbibigay- daan para sa mas malalim na ugnayan at pag-unawa sa kanilang mga karanasan at pananaw. Sa pamamagitan nito, ang mga guro at mga tagapamahala sa trabaho ay maaaring magbigay ng mas personalisadong suporta at gabay, na nagtataguyod ng mas positibong kapaligiran sa pagkatuto at pag-unlad sa propesyon. Ang ganitong kasanayan ay hindi lamang nagpapalakas ng kakayahan sa paghahasa, kundi nagtataguyod din ng pagiging sensitibo at mapagkalinga sa mga indibidwal na kasama sa propesyonal na pamamahala.

Sa pagpapatuloy, ang propesyonal na pag-unlad bilang isa sa indikeyor ng baryabol na antas ng saloobin ng mga intern tungo sa propesyonal na kasanayan ay madalas naipapakita ng mga respondante. Sa pag-aaral nina Niati et al. (2021), na ang Ang propesyonal na pag-unlad ay isang sistema ng pagpapataas ng potensyal bilang isang empleyado at pagkamit nito upang maging maliwanag sa piniling landas ng karera. Ang sapat na karanasan sa paggawa ay kinakailangan para sa mga empleyado, dahil magbibigay ito ng kasiyahan sa kanilang trabaho para sa lahat ng mga empleyado na maaaring makaapekto sa kanilang pagpapalakas ng pagganap, at bukod dito, ang bawat empleyado ay dapat bigyan ng pagkakataon na mapabuti ang kanilang mga kasanayan at karera at kinakailangang maglaan ng isang espesyal na pagsisikap para sa kumpanya.

Sinang-ayunan naman ito sa pag-aaral ni Jurakulov (2023). Sa kanyang pananaliksik, ibinahagi niya na pag-unlad sa propesyonal ay isang mahalagang hakbang sa pagpapalawak at pagpapalalim ng kaalaman at kasanayan ng mga guro at administrador sa larangan ng edukasyon. Layunin nito na mapabilis ang positibong pagbabago sa sistema ng edukasyon at sa pamamahala nito, kasabay ng pagpapalawak ng kanilang pang-unawa sa mga konsepto at teorya. Ang pagiging responsable sa mga tungkulin ng isang tiyak na posisyon sa trabaho ay isang mahalagang kakayahan na maaaring matutuhan sa pamamagitan ng mga *internship program.*

Bilang pagpuna, mahalaga ang propesyonal na pag-unlad sa pag-aaral ng saloobin ng mga intern sa propesyonal na kasanayan sapagkat ito ay nagpapakita ng kanilang kakayahan na mag-*adapt* sa trabaho at makisama sa kanilang mga kasamahan. Sa pamamagitan ng pag-unawa sa kanilang saloobin, maaaring matukoy ang mga potensyal na isyu sa trabaho at mabigyan ng tamang gabay at suporta ang mga intern sa kanilang paglago at pagpapabuti sa kanilang propesyonal na karera. Bukod dito, ang pag-aaral ng kanilang saloobin ay nagbibigay ng pagkakataon upang mapalakas ang kanilang kakayahan sa pakikitungo sa mga sitwasyon sa trabaho at sa kanilang pagpapahalaga sa propesyonalismo at etika sa hanapbuhay. Sa ganitong paraan, nagiging mahalaga ang propesyonal na pag-unlad sa pag-aaral ng saloobin ng mga *intern* sa kanilay propesyonal na kasanayan upang mapanatili ang kalidad at integridad ng kanilang trabaho.

Antas ng Saloobin ng mga Intern Tungo sa Propesyonal na Kasanayan Batay sa Personal na Pag-unlad

Talahanayan 7. Antas ng Saloobin ng mga *Intern* Tungo sa Propesyonal na Kasanayan Batay sa Personal na Pag-unlad

	Personal na Pag-unlad	*Mean*	Deskripsyon
1.	Ginawa akong mas matatag sa programang *internship* sa propesyonal at personal na aspekto	**3.94**	**Mataas**
2.	Binago nito ang aking personal na mga layunin sa karera	**4.00**	**Mataas**
3.	May positibong epekto ito sa aking interes na may kaugnayan sa larangang pinili	**3.89**	**Mataas**
4.	Nagkaroon ako ng matatag na layunin na matapos ang aking mga gawain bago ang itinakdang target na pagtatapos ng *internship*	**3.90**	**Mataas**
5.	Pinalakas ng programa ang aking mga konsepto sa silid-aralan	**4.81**	**Mataas**
6.	Nagbago ang aking personal na mga ambisyon sa ilang paraan dahil sa *internship*	**3.91**	**Mataas**
	KABUOAN	**3.94**	**Mataas**

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Antas ng Saloobin ng mga Intern Tungo sa Propesyonal na Kasanayan Batay sa Personal na Kakayahan

Talahanayan 8. Antas ng Saloobin ng mga *Intern* Tungo sa Propesyonal na Kasanayan Batay sa Personal na Kakayahan

Personal na Kakayahan	*Mean*	Deskripsyon
1. Pinalakas ng *internship* ang aking kamalayan at etika	4.12	Mataas
2. Binago nito ang aking gawi na magkaroon ng respeto sa mga taong iba sa akin.	4.23	Mataas
3. Nagturo ito sa akin kung paano mag-aral ng mabuti	3.96	Mataas
4. Pinalakas nito ang aking mga kasanayan sa pamamahala ng oras at pera	3.86	Mataas
5. Pinalakas nito ang aking mga relasyon sa aking kasamahan	4.00	Mataas
6. Pinalakas nito ang aking kakayahan sa pagtanggap ng inisyatiba sa paggawa ng trabaho	4.03	Mataas
KABUOAN	**4.12**	**Mataas**

Sa kabilang dako, ang personal na kasanayan bilang isa sa indiketyor ng baryabol na antas ng saloobin ng mga intern tungo sa propesyonal na kasanayan ay madalas naipapakita ng mga respondente. Sa pananaliksik nina Kakkar at Sivanathan, (2022) isinaad nila na ang mga personal na kakayahan sa pananaliksik ay isang likas na kuryusidad, matibay na pagnanais sa kaalaman, at ang mga analitikal na kakayahan na kinakailangan upang disekta at maunawaan ang mga kumplikadong impormasyon. Kasama dito ang kakayahan na harapin ang mga problemang sistematiko, panatilihing etikal ang integridad, at magtrabaho nang kakikipagtulungan sa iba. Ang positibong pananaw, at katapatan sa pagsasalaysay ay mahalaga rin. Ang mga katangiang ito ay mahalaga para sa pagpapalakas ng personal na kakayahan at pagkamit ng tagumpay sa iba't ibang larangan.

Dagdag pa, sa pag-aaral ni Abbasi (2022), Ang mga relasyon at mga *mentor* na kanilang binubuo ay magpapahintulot sa kanila na buksan ang kanilang tunay na mga sarili, na nagbibigay-daan sa kanila na matagumpay na pumili ng kanilang susunod na mga hakbang at, sa hinaharap, simulan ang isang landas sa karera na kanilang magugustuhan. Ang mga ito ay magiging gabay at suporta sa kanilang paglalakbay patungo sa kanilang mga pangarap at mithiin sa larangan ng negosyo. Sa tulong ng mga ito, sila ay magkakaroon ng mga oportunidad na lumago at magtagumpay sa kanilang mga karera.

Samakatuwid, ang personal na kakayahan sa pag-aaral ng saloobin ng mga intern sa propesyonal na kasanayan ay isang mahalagang aspekto sa pagpapaunlad ng kanilang potensyal at tagumpay sa trabaho. Sa pamamagitan ng pag-unawa sa kanilang mga pangangailangan, kahinaan, at lakas, maaaring makabuo ng masigasig na ugnayan na magbubunga ng mas produktibong kapaligiran sa trabaho. Ang ganitong pagkilala ay naglalayong magbigay hindi lamang ng suporta sa kanilang emosyonal na kalusugan, kundi pati na rin sa pagpapahalaga sa *diversity* at inklusyon.

Samantala, ang personal na pag-unlad bilang isa sa indikeyor ng baryabol na antas ng saloobin ng mga intern tungo sa propesyonal na kasanayan ay madalas naipapakita ng mga respondente. Ang indikeytor na ito ay suportado ni Anjum (2020) na nagpapahayag na ang mga programang *internship* ay hindi lamang nagpapabuti sa personal na kakayahan ng mga mag-aaral kundi nagpapahusay din sa kanilang personal na pag-unlad at sa pamamagitan ng pagsasama ng teoretikal na kaalaman at pagpapalakas ng kakayahan sa pamamagitan ng mga edukasyonal na programa ng internship, mahihikayat ang mga mag-aaral na magpabuti at maaring kunin sa kanilang kinabibilangang lugar ng trabaho o institusyon.

Sa pag-aaral naman ni Kilgore (2023), isinasaad niya na hindi lamang tungkol sa pagpapaunlad ng mga propesyonal na kasanayan sa trabaho kundi pati na rin sa personal na pag-unlad. Sa pamamagitan ng *internship*, maaari magkaroon ng mga karanasan at pagkakataon upang mapalawak ang iyong kaalaman at kakayahan sa larangan ng iyong interes. Ang mga kasanayang hindi direktang nauugnay sa iyong propesyon ay mahalaga rin, tulad ng pagiging masunurin, may dedikasyon, at pagkakaroon ng sariling motibasyon. Ang mga katangiang ito ay naglalarawan ng iyong pagkatao at maaaring magbigay sa iyo ng malaking tulong sa paghahanap ng trabaho sa hinaharap. Ang pag-unlad sa mga aspektong ito ay nagpapakita ng iyong kakayahan na magtagumpay hindi lamang sa trabaho kundi pati na rin sa buhay.

Sa kabuoan, ang personal na pag-unlad ng mga *intern* sa kanilang propesyonal na kasanayan ay may malaking papel sa kanilang tagumpay sa trabaho. Sa pamamagitan ng pag-aaral ng kanilang mga saloobin at pag-unlad ng kanilang *emotional intelligence*, nagiging mas epektibo silang mangasiwa ng kanilang mga damdamin at makisalamuha sa kanilang mga kasamahan sa trabaho. Ito ay nagbubunga ng mas mataas na antas ng kasiyahan sa trabaho, mas mahusay na komunikasyon, at mas mahusay na balanse sa buhay daan dinsa mas malawak produktibidad at tagumpay sa kanilang propesyonal na karera.

Kabuohan ng Antas ng Saloobin ng mga Intern Tungo sa Propesyonal na Kasanayan

Batay sa resulta, ang indikeytor na nakakuha ng pinakamataas na pangkalahatang *mean* ay ang indikeytor na Propesyonal na Kakayahan na nakakuha ng *mean iskor* na 4.10 na may deskriptibong katumbas na paglalarawang mataas. Ito ay nangangahulugang nagtataglay ang mga respondente ng kakayahang kritikal na pag-iisip at kakayahang mag desisyonsa panhon ng suliranin, kasanayang teknikal at komunikasyon na makakatulong sa landas na pinili.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 9. Kabuohan ng Antas ng Saloobin ng mga *Intern* Tungo sa Propesyonal na Kasanayan

Indikeytor	Mean	Deskripsyon
Propesyonal na Pag-unlad	**4.02**	**Mataas**
Propesyonal na Kakayahan	**4.10**	**Mataas**
Personal na Pag-unlad	**3.91**	**Mataas**
Personal na Kakayahan	**4.03**	**Mataas**
KABUOAN	**4.01**	**Mataas**

Kaugnay pa rito, sumunod naman ang ang indikeytor na Personal na Kakayahan na kung saan nakakuha ng *mean iskor* na 4.03 na may deskriptibong katumbas na paglalarawang mataas. Iminumungkahi nito na nagtataglay ang mga respondente ng kamalayan, respeto, pamamahala at pagiging responsible sa buhay sa panahon tatahakin na ang landas na napiling karera.

Samantala, sumunod naman ang propesyonalismo na pag-unlad na nakakuha ng *mean iskor* na 4.02 na may deskriptibong katumbas na paglalarawang mataas. Nangangahulugan ito na ang mga respondente ay mas malinaw, nakatutulong at mas nahahasa ang kanilang kakayahan at kasanayang tinataglay sa napiling karera. Panghuli ay ang indikeytor na personal na pag-unlad na nakakuha ng *mean iskor* na 3.91 na may deskriptibong katumbas na paglalarawang mataas. Ito ay nagangahulugan na ang personal na pag-unlad ay madali para sa mga respondente na magkaroon ng matatag at matibay na layunin, ambisyon, aspeto, at interes sa tinahak na karera.

Sa kabuoan, ang resulta ay nagpapakita na ang mga mag-aaral sa lahat ng programa sa KCAST ay mataas ang antas ng saloobin ng mga *intern* tungo sa propesyunal na kasanayan na may kabuoang mean na 3.93. Ipinapahiwatig ito na nagtataglay sila ng mataas na antas ng saloobin sa propesyonal na kasanayan pamamaraan na propesyonal na kasanayan, personal na kakayahan, propesyonal na pag-unlad at personal na pag-unlad.

Makabuluhang Pagkakaiba ng Antas ng Saloobin ng mga Intern sa Propesyonal na Kasanayan Kapag Sinuri Batay sa Antas ng Taon

Ang resulta ng pag-aaral ay nagpapakita na walang makabuluhang pagkakaiba ang mga *intern* sa kanilang antas ng saloobin sa propesyunal na kasanayan batay sa antas ng taon. Nangangahulugang ang *null hypothesis* ay tinanggap. Ang *p-value* ay 0.417 na mas mataas kaysa sa null hypothesis na 0.05. Nangangahulugan na ang *null hypothesis* ay tinatanggap, ibig sabihin na ang antas ng taon ng mga respondante ay hindi nakakaapekto sa antas ng saloobin ng mga Intern sa propesyonal na kasanayan. Nangangahulugan na hindi hadlang kung ano man ang antas ng taon ng mga mag-aaral kapag sila'y isasalang na sa *internships* at mas nagagampanan nila ng maayos ang kanilang personal na kasanayan.

Talahanayan 10. Makabuluhang Pagkakaiba ng Antas ng Saloobin ng mga *Intern* sa Propesyonal na Kasanayan Kapag Sinuri Batay sa Antas ng Taon

Baryabol (Antas ng Taon)	*Mean*	*SD*	*F-Value *, t-value*$^{\#}$	*P-Value*	*Decision* $\alpha = 0.05$
Ikatlong taon	**3.97**	**0.52**			
Ikaapat na taon	**4.03**	**0.41**	**-0.812**$^{\#}$	**0.417**	H_0 **Accepted**

Maihalintudad ito sa pag-aaral nina Dare et al. (2009) na kung saan ibinahagi nila na ang '*trainee intern'* o *pre-intern year* sa huling taon ng *undergraduate* training mula sa ikaanim na taon patungo sa ikalimang taon ng undergraduate training na kung saan hindi hadlang kung ano man ang antas ng taon ng mga mag-aaral kapag sila'y isasalang na sa *trainee intern year.* Ang *trainee intern year* ay isang mahalagang bahagi ng proseso sa New Zealand, kung saan ang pagkatuto ay nangyayari sa konteksto ng karanasan at apprenticeship.

Sa lumabas na resulta, ang antas ng taon ng mga respondente ay hindi nakakaapekto sa antas ng saloobin ng mga intern sa propesyonal na kasanayan. Nangangahulugan na hindi hadlang kung ano man ang antas ng taon ng mga mag-aaral kapag sila'y isasalang na sa internships at mas nagagampanan nila ng maayos ang kanilang personal na kasanayan. Sa kabila nito, may mga pag-aaral na nagpapakita na ang mas mataas na antas ng taon ng mga estudyante ay nagdudulot ng mas mataas na kahusayan sa internships dahil sa mas maraming natutunan at mas malalim na kaalaman. Ayon sa ilang pananaliksik, ang mga estudyanteng nasa mas mataas na taon ay may mas mataas na kumpiyansa at kakayahan sa pagsasagawa ng mga praktikal na gawain. Gayunpaman, may mga pag-aaral din na nagpapakita na ang mga estudyanteng nasa mas mababang taon ay may sariwang pananaw at mas mataas na sigla na maaaring magdulot ng positibong epekto sa kanilang pagganap sa internships. Ang pagkakaiba sa antas ng taon ay maaaring magdala ng magkakaibang kalakasan at kahinaan na parehong mahalaga sa propesyonal na kasanayan.

Makabuluhang Pagkakaiba ng Antas ng Saloobin ng mga Intern sa Propesyonal na Kasanayan Kapag Sinuri Batay sa Kasarian

Ang makabuluhang pagkakaiba ng antas ng saloobin ng mga *intern* tungo sa propesyonal na kasanayan batay sa kasarian ay tinanggap ang *null hypothesis*. Ibig sabihin na ang kasarian ng

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

mga respondate ay hindi nakaimpluwensiya sa kanilang mga propesyonal na kasanayan. Sa lumabas na resulta ng pananaliksik, mas marami ang mga babae kesa sa mga lalake na nagpapakita ng antas ng saloobin ng mga intern sa propesyunal na kasanayan. Maiiugnay ito sa pag-aaral nina Falcasantos et al. (2024), na kung saan nagpapakita na mas mataas ang antas ng mga kakayahan ng mga kababaihan kaysa sa mga kalalakihan, maliban sa mga kakayahan na may kinalaman sa inisyatiba at espiritu ng pagnenegosyo, at sensibilidad at kamalayan sa interkultural. Ang pangunahing natuklasan ay ang positibong epekto ng pagiging babae sa mga kakayahan, na nagpapakita na sa pangkalahatan, ang antas ng mga kakayahan ng mga kalalakihan ay mas mababa kaysa sa mga kababaihan kapag sumasailalim sa internships.

Talahanayan 11. Makabuluhang Pagkakaiba ng Antas ng Saloobin ng mga *Intern* sa Propesyonal na Kasanayan Kapag Sinuri Batay sa Kasarian

Baryabol (Kasarian)	*Mean*	*SD*	*F-Value *, t-value#*	*P-Value*	*Decision α=0.05*
Babae	***4.04***	***0.43***			
Lalaki	***3.97***	***0.43***	***1.208#***	***.228***	***H_0 Accepted***

Sa isa pang pag-aaral nina Ferreras-Garcia et al. (2021) na pinamagatang "*Competency Assessment and Learning Results in Tourism Internships: Is Gender a Relevant Factor?",* lumabas sa kanilang resulta na ang pagkatuto sa kanilang internships ay positibong naaapektuhan ng ilang personal na kakayahan, lalo na ang oryentasyon sa tagumpay at inisyatiba at espiritu ng pagnenegosyo. Ipinakita rin na ang mga babaeng estudyante ay may magagandang resulta ng pagkatuto kaysa sa mga lalaking estudyante.

Ang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng saloobin ng mga *intern* tungo sa propesyonal na kasanayan batay sa kasarian ay tinanggap ang *null hypothesis*, na nangangahulugang ang kasarian ng mga respondente ay hindi nakaimpluwensya sa kanilang mga propesyonal na kasanayan. Sa kabilang banda, may mga positibong pag-aaral na nagpapakita na ang kasarian ay maaaring magkaroon ng epekto sa propesyonal na pag-unlad sa ilang konteksto. Halimbawa, ayon sa iba pang pananaliksik, ang mga babae at lalaki ay maaaring magkaroon ng magkakaibang karanasan at pananaw sa *internships*, na maaaring magdulot ng magkakaibang pagbuo ng kasanayan at pagsasanay sa kanilang mga propesyonal na larangan.

Makabuluhang Pagkakaiba ng Antas ng Saloobin ng mga Intern sa Propesyonal na Kasanayan Kapag Sinuri Batay sa Programa

Ang makabuluhang pagkakaiba ng antas ng saloobin ng mga *intern* tungo sa propesyonal na kasanayan ng mga respondante batay sa programa ay nagpapakita na mayroong pagkakaiba sa saloobin ng mga intern tungo propesyonal na kasanayan at ang programa. Nangangahulugang tinanggap ang *null hypothesis*. Sa lumabas na resulta, Ang p-value ay na 0.417 na mas mababa kaysa sa *null hypothesis* na 0.05. Ibig sabihin mayroong makabuluhang pagkakaiba sa antas ng saloobin ng mga intern sa propesyonal na kasanayan sa ibat ibang programa. Nakakaapekto ang ibang mga programa sa KCAST sa kanilang personal na kasanayan sa *internship*. Maaring ito ay dahil a kanilang kakulangan sa kasanayan at kahandaan.

Talahanayan 12. Makabuluhang Pagkakaiba ng Antas ng Saloobin ng mga *Intern* sa Propesyonal na Kasanayan Kapag Sinuri Batay sa Programa

Baryabol (Kurso/Programa)	***Mean***	***SD***	***F-Value *, t-value#***	***P-Value***	***Decision $\alpha = 0.05$***
BAT	**4.00**	**0.61**			
BPA	**3.97**	**0.48**			
BSBA-FM	**3.78**	**0.42**			
BSBA-MM	**4.02**	**0.45**			
BSOA	**4.10**	**0.25**	**1.978***	**.042**	***H_0* Rejected**
BSC	**4.19**	**0.18**			
BEEd-Gen.	**4.18**	**0.31**			
BSEd-Fil.	**4.18**	**0.25**			
BSEd-Eng.	**4.26**	**0.32**			
BSEd-Math.	**4.10**	**0.34**			

Sa pag-aaral ni Sukmawati (2022), isinasaad niya na sa pagpasok sa mundo ng trabaho, mahalaga ang pagpapalakas ng kakayahan sa sarili at pakikipagkumpitensya sa trabaho. Layunin ng pananaliksik na ito na ipaliwanag ang epekto ng *internship program* sa kahandaan sa trabaho ng mga nagtapos sa unibersidad. Ipinapakita ng resulta na ang karanasan sa *internship* ay may positibo at makabuluhang impluwensya sa kahandaan sa trabaho ng mga estudyante.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Binigyang diin rin ito nina Zunaid et al. (2020) sa kanilang pananaliksik na suriin ang pagiging epektibo ng internship program mula sa pananaw ng mga estudyanteng intern at ang kanilang pananaw sa mga *employer* at unibersidad. Lumabas sa resulta na ang mga estudyante ay motivated sa kanilang internship, ngunit makakakuha pa ng mas marami kung ang mga *employer* ay magpapabuti sa mentorship at ang unibersidad ay magbibigay ng mas mahusay na estruktura, pakikilahok ng *staff*, at *career services*. Ito ay nagmumungkahi ng mga aspeto na dapat pang pagtuunan ng pansin para sa mas epektibong karanasan sa *internship*.

Mayroong makabuluhang pagkakaiba sa antas ng saloobin ng mga intern sa propesyonal na kasanayan sa iba't ibang programa. Nakakaapekto ang ibang mga programa sa KCAST sa kanilang personal na kasanayan sa *internship*, marahil dahil sa kakulangan sa kasanayan at kahandaan. Sa kabilang banda, may mga positibong pag-aaral na nagpapakita na ang mga internship program, kahit na may mga pagkakaiba sa antas ng saloobin at kasanayan, ay maaaring magdulot ng makabuluhang pag-unlad sa personal at propesyonal na kasanayan ng mga estudyante. Ayon sa ilang pananaliksik, ang pagkakaroon ng maayos na mentorship at suporta sa internship ay maaaring magpabuti sa kahandaan ng mga *intern*, anuman ang kanilang panimulang antas ng kasanayan.

KONKLUSYON

Batay sa resulta na pag-aaral na alamin ang propayl ng mga *intern* lahat ng programa/kurso sa KCAST na nasa ikatlo at ikaapat na taon batay sa kanilang edad, kasarian at antas ng taon, ang BPA ang lumabas na ang may pinakamaraming bilang ng mga respondent na may 79 na mag-aaral, sinundan ng BSBA – FM na may 48 na mag-aaral, BSOA na may 34 na mag-aaral, BSBA – MM na may 28 na mag-aaral, BAT na may 18 na mag-aaral, BSED MATH na may 12 na mag-aaral. Parehas naman ng bilang ng mag-aaral ang BSC at BSED FILIPINO na may 11 na mag-aaral, BSED ENGLISH na may 8 na mag-aaral at ang panghuli ay ang BEED na may 4 na mag-aaral. Sa antas ng taon, ang may pinakamaraming bilang ng mga respondante ay ang ikaapat na taon na may 203 na mag-aara at sumonod naman ay ang ikatatlong taon na may 50 na mag-aaral.

Batay sa resulta na pag-aaral, ang mga mag-aaral na Intern sa KCAST ay nagpapakita na mataas ang antas ng saloobin sa Propesyonal na kasanayan. Mas naipapakita nila ang propesyunal na kasanayan, personal na kakayahan, propesyunal na pag-unlad, at personal na pag-unlad. Ang mga kasanayang ito ay nagtatag na matibay na pundasyon para sa matagumpay at makabuluhang pakikipag-ugnayan.

Samantala ang resulta ng pag-aaral na tuklasin kung may makabuluhang pagkakaiba ng batay sa programa may pagkakaiba sa antas ng saloobin ng mga *intern* na respondente sa propesyunal na kasanayan. Gayunpaman, walang natuklasang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng saloobin ng mga intern na respondente sa propesyunal na kasanayan batay sa edad at antas ng taon ang mga mag-aaral. Ito ay nagpapahiwatig na ang edad at antas ng taon ay hindi salik na nakakaapekto sa antas ng saloobin ng mga intern na respondente sa propesyunal na kasanayan. Ang mga natuklasang ito ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay may katulad na kakayahan pagdating sa estratehiya sa pag-aaral ng talasalitaan.

Ito ay nangangahulugan na iba pang mga salik, tulad ng mga indibidwal na katangian o personal na karanasan ay maaring magkaroon ng mas malaking epekto sa mga antas ng saloobin ng mga intern sa propesyunal na kasanayan ng isang mag-aaral na intern. Ang mga susunod na pag-aaral ay dapat na magtuon sa pagtuklas ng mga karagdagang salik na ito upang magkaroon ng mas malalim na pag-unawa sa mga pagkakaiba ng pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga mag-aaral.

REKOMENDASYON

Ang natuklasan na resulta ay may malaking impluwensya sa antas ng mga saloobin ng mga intern sa personal na kasanayan ng mga respondente na nagpapahiwatig na mayroong makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga *moderating variable* na makamtan ng mga mag-aaral bilang respondente na matugunan ang pangangailangang personal na kanilang kasanayan sa *internships*. Bilang paglalawig, iminungkahi ng mananaliksik na bigyang-pansin ang pag-aaral na may kaugnayan sa antas ng saloobin ng mga *intern* sa propesyunal na kasanayan na mayroon ang mga mag-aaral, gayong nagpapakita ito ng kahalagahan sa bawat mag-aaral na magkaroon ng sapat na kaalaman sa pakikipagkomunikasyon. Iminungkahi rin ng mananaliksik na magsagawa pa ng parehong pag-aaral at maging respondente ang mga mag-aaral na kasalukuyang nasa Grade 12 *Senior High School* upang masukat ang antas ng kanilang kaalaman pagdating sa kasanayang personal na kakayahan at kasanayan sap ag *internships* bago tumuntong sa kolehiyo ng mabigyang solusyon ang problema sa hinaharap na may kaugnayan sa kanilang personal na kasanayan sa *internships*, kung kaya naman, ang kanilang tugon ay magiging epektibo rin sa mga susunod na mananaliksik.

Sa karagdagan, nais din ng mananaliksik na bigyang-pansin ang indikeytor personal na pag-unlad, dahil ito ay nagpapakita ng mababang resulta o mean sa buong pag-aaral, nagpapahiwatig lamang na mababa ang kanilang antas sa pakikipag-ugnayang ito, kung kaya naman nais ng mananaliksik na matugunan ito mula sa tulong ng guro, magulang, kapwa mag-aaral at kaibigan na mapanatili ito at mapausbong, katulad na lamang ng pagtatanong, pagpapaunlad at pagbibigay importansya sa kanilang sariling kakayahan. Sa pamamagitan nito, mas nauunawaan kung ano ang kahinaan at kalakasan ng mga mag-aaral, at kung paano malampasan ang mga bagay na hindi abot ng kakayahan. Ito ay kilalanin bilang isang tulong sa mga may kakayahang ipaunawa ito upang mas lalong tututukan at pag-aralan, sapagkat hindi magiging posible ang mga kakayahang nabanggit kung wala ang personal na pag-unlad.

TALASANGGUNIAN

1. *Abbasi, I. (2022). Council post: The importance of internships and the invaluable Relationships they bring, Forbes. Available at:*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

https://www.forbes.com/sites/forbeshumanresourcescouncil /2022/08/12/the-importance-of-internships-and-the-invaluable-relationships-they-bring/?sh=29a331d17fd1

2. *Aguilar, M. & Genine, S. T. (2023). Skills, Knowledge, and Values Needed by Recent Philippine Graduates for Employability.https://papers.ssrn.com/sol3/papers.cfm? abstract_id=4574664*
3. *Anjum, S. (2020). Impact of internship programs on professional and personal development of business students: a case study from Pakistan. Future Business Journal. https://doi.org/10.1186/s43093-019-0007-3*
4. *Apuke, O. D. (2017). Quantitative Research Methods: A Synopsis approach. Deleted Journal, 6(11), 40–47. https://doi.org/10.12816/0040336*
5. *Baert et al. (2021). Student internships and employment opportunities after graduation: A field experiment. Economics of Education Review, 83, 102141. https://doi.org/10.1016/j.econedurev.2021.102141*
6. *Bawica, IM (2021). The University Internship Program and its Effects on Students' Employability Readiness. International Journal of Academe and Industry Research. Volume 2 Issue 3. DOI: https://doi.org/10.53378/348731*
7. *Byrne et al. (2018, June 14). Development of a Scale for Measuring Students' Attitudes Towards Learning Professional (i.e., Soft) Skills. Research in Science Education. https://doi.org/10.1007/s11165-018-9738-3*
8. *Cantrell, M. (2011). Demystifying the research process: understanding a descriptive comparative research design. Pediatric nursing. 37. 188-9.*
9. *Chewe et al. (2020). Enhanced library services through social media in the age of COVID-19 Pandemic: An anecdote of academic libraries in Zambia. DigitalCommons@University of Nebraska - Lincoln. https://digitalcommons.unl.edu/libphilprac/4762/*
10. *De Prada et al. (2022). Teamwork skills in higher education: is university training contributing to their mastery? Psicologia Reflexão E Crítica, 35(1). https://doi.org/10.1186/s41155-022-00207-1*
11. *Di Pietro, G. (2022). International internships and skill development: A systematic review. Review of Education, 10(2). https://doi.org/10.1002/rev3.3363*
12. *Denzin, N. & Lincoln, Y. (2011). The SAGE handbook of qualitative research. Thousand Oaks, CA: SAGE*
13. *re et al. (2009). Tectonic discrimination of peridotites using fO2–Cr# and Ga–Ti–FeIII systematics in chrome–spinel. Chemical Geology, 261(3–4), 199–216. https://doi.org/10.1016/j.chemgeo.2008.08.002*
14. *Dollie, T. (2021). How a career internship can boost your professional development? Retrieved from:https://www.gviusa.com/blog/how-a-career-internship-can-boostyour-professional-development/*
15. *tikan, I. & Bala, K. (2017). Sampling and Sampling Methods. Biometrics & Biostatistics International Journal, 5(6).*
16. *Falcasantos et al. (2024). Mga salik na nakaaapekto sa pagkatuto ng mag-aaral sa asignaturang Filipino. American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR), 8*(3), 109-120. https://ajhssr.com/*
17. *Ferreras-Garcia et al. (2021). Analysing competencies by gender in internships. In Springer proceedings in complexity (pp. 411–419). https://doi.org/10.1007/978-3-030-62066-0_31*
18. *Ferreras-Garcia et al. (2021). Competency assessment and learning results in tourism internships: is gender a relevant factor? Higher Education Skills and Work-based Learning, 12(1), 162–177. https://doi.org/10.1108/heswbl-05-2021-0096*
19. *Franco-Ángel et al. (2023). The internship performance of undergraduate students: Are hard or soft skills more important? Industry and Higher Education, 37(3), 384-39*
20. *Grus, C. L. & Kaslow, N. J. (2014). Professionalism: Professional attitudes and values in psychology. In W. B. Johnson & N. J. Kaslow (Eds.), The Oxford handbook of education and training in professional psychology (pp. 491–509). Oxford University Press.*
21. *Gugssa, M. A. & Kabeta, G. G. (2021). Instructors' workplace learning activities and inhibitors in Ethiopian higher learning institutions: Bahir Dar University in focus. Social Sciences & Humanities Open, 3(1), 100106. https://doi.org/10.1016/j.ssaho.2021.100106https://www.careerguide.com/career/internship/why-every-student-should-do-an-internship.*
22. *Imm, J. (2021). The Benefits & Importance of Internships in College. Retrieved from: https://www.northcentralcollege.edu/news/2021/10/13/benefits-importanceinternships-college important-for-students*
23. *Jain, S. (2021) Why every student should do an internship, CareerGuide. Available at:*
24. *Jurakulov, S. (2023). A Japanese approach to in-service training and professional development of science and physics teachers in Japan. American Journal of Public Diplomacy and International Studies (2993-2157), 1(9), 167–173. Retrieved from http://grnjournal.us/index.php/AJPDIS/article/view/1392*
25. *Kakkar, H. & Sivanathan, N. (2022). The impact of leader dominance on employees' zero-sum mindset and helping behavior. Journal of Applied Psychology, 107(10), 1706–1724. https://doi.org/10.1037/apl0000980*
26. *Kendra M. (2022) The David Kolb theory of how experience influences learning, Verywell Mind. Available at: https://www.verywellmind.com/experiential-learning2795154 (Accessed: 1*
27. *Kilgore, E. (2023). The Importance of Internships in College. Retrieved from:https://collegesofdistinction.com/advice/the-importance-of-internships-in college/*
28. *Loretto, P. (2022). What are the Essential Benefits of Internships? Retrieved from: https://www.thebalancemoney.com/what-is-an-internship-1986729*
29. *Li et al. (2022). Relationships between Willingness to Participate in the Nursing Clinical Ladder Program and Its Related Factors among Clinical Nurses. Healthcare, 10(2), 369. https://doi.org/10.3390/healthcare10020369*
30. *McCombes, S. (2019). Descriptive Research | Definition, Types, Methods & Example Retrieved.https://www.scribbr.com/methodology/descriptive-research/*
31. *Niati et al. (2021). The effect of training on work performance and career development: The role of motivation as intervening variable. Budapest International Research and Critics Institute (BIRCI-Journal) Humanities and Social Sciences, 4(2), 2385–2393. https://doi.org/10.33258/birci.v4i2.1940*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

32. *Nwokike, O. (2022). Investigating the Knowledge, Attitudes, and Practices of Interns in the Workplace. Journal of Vocational Education Studies, 5(2), 238–253. https://doi.org/10.12928/joves.v5i2.6334*
33. *Parashar, P. (2022). 7 Reasons Why an Internship Is Important for Students. Retrieved from: https://www.abmcollege.com/blog/7-reasons-why-an-internship-is-*
34. *Pylväs et al. (2022). Professional growth and workplace learning. In Professional and practice-based learning (pp. 137–155). https://doi.org/10.1007/978-3-030-89582-2_6*
35. *Srividya et al. (203). An exploratory study for the perception and attitude of internship program by students of speech and hearing. International Journal of Community Medicine and Public Health, 10(9), 3367–3372. https://doi.org/10.18203/2394-6040.ijcmph20232705*
36. *Sukmawati, D. (2022). Internship Program effectiveness: a work readiness. Journal of Career and Entrepreneurship, 1(2), 11–23. https://doi.org/10.22219/jce.v1i2.22579*
37. *Van et al. (2018). Strengthening personal growth: The effects of a strength's intervention on personal growth initiative. Journal of Occupational and Organizational Psychology, 92(1), 98-121. https://doi.org/10.1111/joop.12240*
38. *Vinay. (2022). The Importance of an Internship: Top 5 Reasons Why Internships Are Critical. Capital Placement.https://capital-placement.com/blog/the-importance-ofaninternship-top-5-reasons-why-internships-are-critical/*
39. *Western, E. (2023). Internship Program Employer Responsibilities. Retrievedfrom: eng.uwo.ca/coop/employers/internship_program/internship_responsibilities.html?fbclid=IwAR1If54vCFB5ziiSaocMUOr_jtszdPgwKLUkrBr1cL9mjYH9JVuiUD gbBJk*
40. *Zhang et al. (2024). Transition shock among nursing interns and its relationship with patient safety attitudes, professional identity and climate of caring: a cross-sectional study. BMC Nursing. https://doi.org/10.1186/s12912- 024-01722-5*
41. *Zunaid et al. (2020). The effectiveness of a university internship programme: Student perspectives of stakeholder roles and responsibilities. SciSpace - Paper. https://typeset.io/papers/the-effectiveness-of-a-university-internship-programme-5rrl5wawk0*